# Kami ay nagsasalita sa oras ng pagdadasal,kinakausap ng isang lalaki ang kasamahan nito haban ang nasa tabi niya ay nasa pagdarasal,hanggang sa naipahayag ang: (( At inyong isagawa ang pagdadasal na may pagpapakumbaba kay Allah)) Napag-utusan kami na manahimik at napagbawalan kami sa pagsasalita

Ayon kay Zayd bin Arqam-malugod si Allah sa kanya-Siya ay nagsabi:(( Kami ay nagsasalita sa oras ng pagdadasal,kinakausap ng isang lalaki ang kasamahan nito habang ang nasa tabi niya ay nasa pagdarasal,hanggang sa naipahayag ang: (( At inyong isagawa ang pagdadasal na may pagpapakumbaba kay Allah)) Napag-utusan kami na manahimik at napagbawalan kami sa pagsasalita))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang pagdadasal ay koneksiyo sa pagitan ng alipin at Panginoon niya,Hindi nararapat na maging abala ang nagdadasal sa [mga bagay na walang kinalaman] sa pananalangin kay Allah,Ipinapahayag ni Zayd bin Arqam malugod si Allah sa kanya-Na ang mga Muslim sa unang gawain nila ay nagsasalita sa oras ng pag-aalay ng dasal,sa abot ng pangangailangan nila sa pagsasalita,Tunay na ang isa sa kanila ay kinaka-usap ang kasamahan niya sa tabi niya tungkol sa pangangailangan niya,At ito ay naririnig ng Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ngunit hindi niya ito ipinagbawal sa kanila, At nang mangyaring ang pag-uusap sa mga likha ay nakakaabala sa pananalangin kay Allah sa oras ng pagdarasal,Ipinag-utos sa kanila ni Allah-Mapagpala Siya at Pagkataas-taas-ang Pangangalaga sa mga Dasal,at Nag-utos Siya sa kanila ng Pananahimik at nagbawal sa kanila ng Pagsasalita, Ipinahayag ni Allah Pagkatas-taas Niya:{ Inyong pangalagaan ang pag-aalay ng Dasal,Lalung-lalo na ang pagdarasal sa Panggitnang panalangin o Panghapong pagdarasal [ Dasal ng Al-`Asr],At inyong isagawa ang Dasal na may pagpapakumbaba kay Allah}Napag-alamn ng mga kasamahan ng Propeta rito ang pagbabawal sa kanila sa pagsasalita sa oras ng pag-aalay ng dasal at tinigilan nila ito,Malugod si Allah sa kanila.